



MANGYARING IPASKIL KUNG SAAN ITO MADALING MABABASA NG MGA EMPLEYADO
PAGMUMULTAHIN ANG MGA LALABAG

OPISYAL NA ABISO

Para sa mga employer at mga empleyadong nagtatrabaho sa mga posisyon sa
Lungsod ng Berkeley

Pinakamababang Sahod sa Berkeley

\$12.53 Kada oras magkakabisa sa Oktubre 1, 2016	\$13.75 Kada oras magkakabisa sa Oktubre 1, 2017	\$15.00 Kada oras magkakabisa sa Oktubre 1, 2018
---------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------

Mga darating na pagtaas: Simula sa Hulyo 1, 2019, at pagkatapos ay sa Hulyo 1 ng bawat taon, dadagdagan ang Pinakamababang Sahod nang ayon sa dagdag sa naunang taon ng kalendaryo, kung mayroon man, sa Consumer Price Index (CPI) para sa mga sumasahod nang ayon sa lungsod at mga manggagawa sa opisina para sa metropolitan statistical area ng San Francisco-Oakland-San Jose, CA.

Ang mga tip at/o pabuya ay hindi maaaring gamitin para makuha ang bayad sa pinakamababang sahod. Ang karagdagang regulasyon na may kaugnayan sa pangongolekta at pamamahagi ng “Mga Singil sa Serbisyo” para sa serbisyo sa pagkain at mga negosyong may kaugnayan sa pakikitungo sa tao, ay magkakabisa sa Oktubre 1, 2016.

May Bayad na Sick Leave (Pagliban sa Trabaho dahil May Sakit) – BMC (Berkeley Municipal Code) Seksyon 13.100 – Ang bawat empleyado ay nakakakuha ng isang oras na may bayad na sick leave para sa bawat tatlong (30) oras na tinarabaho at maaaring gamitin ang may bayad na sick leave pagkatapos ng 90 araw sa kalendaryo. Ang mga employer ay nagbibigay ng naipong may bayad na sick leave sa mga rekord ng payroll.

Ordinansa ng Berkeley para sa Pampamilya at Makakalikasang Lugar ng Trabaho BMC - Seksyon 13.101 – Ang bawat empleyado ay mayroong karapatang humingi ng umaangkop o inaasahang iskedyul ng trabaho. Dapat tumugon sa sulat ang mga employer sa anumang nakasulat na kahilingan sa loob ng 21 araw.

Protektado ang mga karapatan ng empleyado sa ilalim ng mga ordinansa ng manggagawa ng Lungsod mula sa paghihiganti. Maaaring iulat sa Lungsod ng isang empleyado o sinumang ibang tao ang anumang pinaghihinalaang paglabag ng mga karaniwang ordinansa ng manggagawa. Iimbestigahan ng Lungsod ang mga posibleng paglabag, ia-access ang mga rekord ng payroll at magpapatupad ng aksyon ng pagwawasto sa mga paglabag ng mga karaniwang kinakailangan para sa manggagawa.

Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong employer o ang:
Health, Housing & Community Services Department
(Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan, Pabahay at Komunidad ng Lungsod ng Berkeley)
(510) 981-CITY/2489 o 311 mula sa anumang landline sa Berkeley
www.cityofberkeley.info/Labor
Email: Rules4work@cityofberkeley.info
Mayroong Magagamit ng Pagsasalin-wika